# Privacy at Ikaw

Ie-explore ng mga kalahok kung anu-anong mga uri ng impormasyon ang pinakamagandang panatilihing “pribado,” paano i-customize ang mga setting ng privacy sa social media, at kung paano ipapaliwanag ang kanilang proseso ng paggawa ng desisyon para sa kanilang mga setting (hal., bakit naka-set sa "mga kaibigan lang" vs. sa "nakapubliko" na setting ang ilang nilalaman).

## Mga Material

Handout ng Larong Hulaan

# Larong Hulaan

## Part 1

**Pakikipag-ugnayan Ng Klase:**

Ipasa ang Handout para sa Larong Hulaan at sabihin sa bawat kalahok na sagutan ito. Hilingin sa mga kalahok na pumili ng apat na pirasong impormasyon na ibabahagi at ipaalam sa kanila na ibabahagi mo sa buong grupo ang impormasyong isusulat nila. Sabihin sa kanilang huwag itapon ang pangalawang papel.

Bigyan ang mga kalahok ng 10 minuto para makumpleto ang handout. Pagkatapos, kunin ang mga handout.

**Sabihin sa Iyong Mga Estudyante**

Ngayon, babasahin ko ang ilagn impormasyon na nasa handout. Gamitin ang bahagi ng Mga Hula para isulat ang iyong hula tungkol kung sinong kalahok ang nagsagot ng bawat handout.

**Pakikipag-ugnayan Ng Klase:**

Pagkatapos basahin ang mga handout, makipag-ugnayan sa grupo sa isang talakayan.

**Tanungin ang Iyong Mga Estudyante**

Mayroon bang mga piraso ng impormasyon na hindi mo ibinahagi sa sinuman? Alin? Bakit?

Pareho ba ang naging desisyon ng lahat tungkol sa ibabahagi? Bakit / bakit hindi?

Depende sa kung kanino ka nagbabahagi, bakit maaari kang magbahagi nang mas marami o mas kaunti, ng ganitong uri ng impormasyon? Kailan mo ito ibabahagi?

Gaano kadaling iugnay ang bawat piraso ng impormasyon sa taong nagsulat / nagsabi nito?

May mga pangyayari ba kung saan ang ibinigay na tugon ay maaaring hindi sinasadyang ipinahayag ang isang bagay na higit sa aktwal na tugon (hal., maaaring sinabi ng isang tao ang kanyang paboritong pagkain, na maaaring nagbigay ng ilang pahiwatig sa kung aling (mga) kultura pamilyar ang taong ito?

Sa tingin mo anu-anong mga palagay ang maaaring gawin ng iabng tao tungkol sa iyo kung ibinahagi mo sa mas marami ang impormasyong isinulat mo bilang bahagi ng Larong Hulaan?

# Part 2

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Ang privacy ay ang kakayahang kontrolin kung ano ang alam ng ibang tao tungkol sa iyo. Maaari mong gawin ito sa pamamagitan ng pagsasabi ng ilang partikular na bagay tungkol sa iyong sarili (katulad ng pagsasabi sa ibang tao ng iyong address o kung ano ang gusto mong gawin para sa kasiyahan) o paggawa ng mga bagay kasama ang ibang tao (katulad ng pagpunta sa isang store kasama ng iyong mga kaibigan at piliin kung ano ang pinakagusto mo). Mahalaga ang privacy ikaw man ay nasa isang room kasama ng ibang tao o nakikipag-usap sa kanila sa online.

Ang privacy ay batay sa iyong sariling mga personal na desisyon. Ang kahulugan ng privacy sa iyo at sa iyong pamilya ay maaaring ibang-iba kaysa sa kahulugan nito sa ibang tao na nasa grupong ito at sa kanilang mga pamilya. Kung mas alam namin kung ano ang pinahahalagahan natin bilang pribado, at kung paano hinuhubog ng ating mga pag-uugali sa online ang ating privacy, makakagawa tayo ng mas magagandang pagpili tungkol sa uri ng privacy na gusto natin.

Nagbabago rin ang privacy depende sa uri ng impormasyong ibinabahagi at kung kanino ito ibinabahagi.

### Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Halimbawa, ibabahagi mo ba ang address ng iyong bahay sa mga sumusunod na tao:

1. Mga magulang / tagapag-alaga mo o iba pang mahalagang nasa hustong gulang sa iyong pamilya?
2. Mga kaibigan mo?
3. Iyong guro?
4. Isang hindi kakilala / tao na hind mo masyadong kilala?
5. Isang kaibigan ng kaibigan?
6. Isang organisasyon o kumpanya?

# Buod

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Kapag nagbabahagi ka ng impormasyon sa online, mahalagang isaalang-alang kung

sino ang maaaring makakita ng impormasyon na iyon at kung ikaw o ang taong nagmamay-ari ng impormasyong ibinabahagi ay kumportable sa pagbabahagi ng partikular na impormasyon sa ilang audience.

Ang ilang impormasyon ay maaaring mangahulugan sa masasamang bagay sa hinaharap kung ibabahagi ito sa maling tao. Kung alam na alam ng isang hindi kakilala / tao na hindi mo masyadong kilala kung saan ka nakatra, maaari silang pumunta sa iyong bahay na maaaring hindi ligtas. Bagaman ito ay malamang na mangyari sa iba't ibang bahagi ng mundo, maaaring maging mas matimbang ang panganib (at posibleng pinsala) sa mababang posibilidad na maaari itong mangyari. Para makilala ang mga pagpili sa privacy na magpapanatiling ligtas sa iyo, kailangan mong maintindihan kung anu-ano ang mga epekto ng pagbabahagi ng impormasyon.

# Mga Hindi Pagkakaintindihan

## Talakayan

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Pag-usapan natin ang sinasabi natin sa mga text message, paano natin ito sinasabi at kung paano ito maaaring naiiba sa pakikipag-usap nang personal.

### Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Paano maaaring maiba ang pagsasabi ng isang bagay sa text mula sa pagsasabi nito nang personal?

1. Kung hindi mo makita ang reaksyon ng isang tao, maaaring hindi mo alam kung ano ang naramdaman nila sa sinabi mo. Maaaring masaktan mo ang damdamin ng isang tao nang hindi ito alam.

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

Kapag nakikipag-usap nang harapan sa isang tao, maaari mong mapansin ang kanilang mga reaksyon kapag kinakausap mo sila, kabilang ang paggalaw ng katawan at tono ng boses. Nawawala ang ilan sa kontekstong iyon kapag nakikipag-usap sa online.

Gayunpaman, sa online maaari kang makakuha ng iba pang uri ng impormasyon ng konteksto na makakatulong sa pakikipag-usap (hal., ang mga platform ay maaaring magkaroon ng mga partikular na pamantayan na nagbibigay sa iyo ng mas magandang pag-unawa pagdating sa kung paano binibigyang-kahulugan ang impormasyon).

### Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Kung kulang ka sa mga palatandaang nagbibigay ng konteksto (hal., paggalaw ng katawan, tono ng boses), paano ito maaaring humantong sa hindi maiintindihan ng tatanggap (hal., maaaring mabigyan ng maling kahulugan ang isang biro at masaktan ang damdamin ng isang tao) ang iyong mga text o iba pang mga mensahe sa online?

Kung hindi ka maiintindihan sa isang harapang pag-uusap, ano ang gagawin mo para linawin ang hindi pagkakaintindihan (hal., maaari kang humingi ng paumanhin o ipaliwanag ang sinasabi mo)? Paano ito maaaring naiiba (iyon ay, mas mahirap o mas madali) sa text message?

# Sino ang Iyong Audience?

## Part 1

**Sabihin sa Iyong Mga Estudyante**

Habang hindi maaaring hindi tayo mag-iwan ng bakas ng data mula sa ating mga online na aktibidad, may ilang paraan na makokontrol natin ang ating privacy at maaaring i-manage ang ating reputasyon sa online. Sa konteksto ng social media, may madalas na mga setting na isinasama sa mga platform na pinapayagan tayong piliin kung sino ang maaaring makakita ng pino-post natin. Bagaman hindi nililimitahan ng pag-aayos ng mga setting na ito ang pagsusuri — kabilang ang pagsusuri ng metadata — halimbawa, mula sa mga third party na grupo (hal., mga advertiser, researcher o mga kumpanya) pati rin ang mga platform mismo, kadalasan ay maaaring limitahan nito kung ano ang maaaring makita ng iba pang user ng social media o anong impormasyon ang maaaring ma-access ng mga kumpanya o advertiser.

Para sa mga gustong malaman, sa karaniwan ang metadata ay data tungkol sa data. Maaaring kabilang sa metadata ang, ngunit hindi limitado sa mga bagay tulad ng kung anong oras ka nag-log in sa isang social media platform, ang iyong lokasyon noong nag-log in ka at ang impormasyon tungkol sa iyong mga koneksyon sa online.

Maaaring iba ang hitsura ng mga setting ng privacy sa bawat social media platform, pero tinutulungan kami ng mga ito na matukoy ang aming audience. Halimbawa, maaaring payagan ng mga setting ang aming mga post na ganap na maging nakapubliko, nakikita lang ng mga kaibigan ng mga kaibigan, limitado sa mga kaibigan lang ng isang tao at, minsan, nakikita lang ng ilang piling kaibigan. Ang iba pang functionality na maaaring maapektuhan ng mga setting na ito ay kinabibilangan ng data ng lokasyon at mga pahintulot sa pagbabahagi. Ang cookies, may tina-target na pag-a-advertise at pagkumpleto ng paghahanap ay maaaring i-disable lahat sa karamihan ng mga serbisyo sa pamamagitan ng ilang pagbabago sa mga option / mga setting sa bawat serbisyo. Mayroon ding mga web-browser extension at iba pang digital na serbisyo na magagamit na maaaring magpatibay sa proteksyon ng iyong privacy habang nagpapalipat-lipat ka ng mga website (hal., Privacy Badger “Do Not Track” na extension mula sa Electronic Frontier Foundation).

## Part 2

**Pakikipag-ugnayan Ng Klase:**

Hatiin ang mga kalahok sa mga pares.

**Tanungin ang Iyong Mga Estudyante**

Maglaan ng isang minuto para isipin ang lahat ng social media platform kung saan ang bawat isa sa inyo ay mayroong account.

Alam mo ba kung ano ang iyong mga kasalukuyang setting ng privacy sa bawat isa sa mga social media platform na ito?

## Aktibidad ng Grupo

### Sabihin sa Iyong Mga Estudyante

I-explore natin ang mga kakayahan na ibinibigay ng mga setting na ito at alamin kung alin ang pinaka-naaangkop, sa aling mga sitwasyon at sa kung anong mga platform.

Magkakahiwalay na pumunta sa isang social media platform na ginagamit mo at tingnan ang mga setting ng iyong privacy. Karaniwan, maaaring makita ang mga setting ng privacy sa mga setting ng iyong account, at ang ilang platform ay maaaring may kasama ring mga espesyal na function para tingnan ang iyong privacy.

Pagkatapos masuri ang mga setting ng iyong privacy, kausapin ang iyong kapareha tungkol sa mga setting na ito. Bakit ang bawat isa sa inyo ay mayroong mga setting ng iyong privacy gaya ng sa inyo? Ang mga setting ng privacy ba ay ayon sa konteksto minsan (hal., ang ilang setting ay naaangkop sa isang kaso pero hindi naaangkop sa isa pa)? Nabago mo na ba ang iyong mga setting? Gaano mo kadalas binabago ang mga ito at bakit?

Tiyaking pareho ninyong tinitingnan ang mga setting ng privacy na may kaugnayan sa pagbabahagi ng impormasyon sa ibang tao na nasa platform, pati rin ang nagsasabi kung gaano karaming data ang maaaring matanggap ng platform mismo at anumang nauugnay na mga third party (tulad ng mga advertiser). Ang lahat ay mahalagang aspeto ng pagkontrol ng iyong digital na privacy — para sa mga hindi kilala / mga taong hindi mo gaanong kilala, mga kaibigan, pamilya at mga kumpanya.

### Pakikipag-ugnayan Ng Klase:

Bigyan ng 5 minuto ang mga kalahok para mag-usap sa parehong pares pagkatapos ay isama ang buong grupo sa isang talakayan gamit ang mga sumusunod na tanong.

## Talakayan

### Tanungin ang Iyong Mga Estudyante

Naka-set ba sa nakapubliko, pribado o iba pa ang iyong pangkalahatang account

set? Paano ka nagpasya sa setting na ito?

Ang kasalukuyan mo bang mga setting ng privacy ay gaya ng gusto mo?

Kailan nararapat na magkaroon ng nakapublikong pagbabahagi, at kailan mas nararapat ang pribadong mga setting?

Kumportable ka bang ibahagi ang iyong impormasyon sa mga social media platform na ginagamit mo o ang mga kumpanyang nag-a-advertise sa mga platform na ito? Bakit o bakit hindi?

Iniiba ba ng pag-uusap na ito ang iyong isip tungkol sa mga setting ng iyong privacy? Bakit o bakit hindi?

# Takdang Aralin

## Takdang Aralin

### Assignment

Ngayon at napag-usapan na natin ang tungkol sa privacy, ang mapoproseso ng mga tao batay sa nilalaman na ibinabahagi natin, paano maaaring maintindihan ng iba't ibang tao ang mga message sa iba't ibang paraan at kung bakit maaaring makatulong ang mga setting bilang tool para magpasya kung ano ang karaniwan mong gustong ibahagi sa partikualr na audience, gamitin natin ang natutunan natin.

Sa susunod na 30 minuto, magkakahiwalay na isipin ang mga sumusunod na tatlong senaryo at magsulat ng maikling talatang tugon para sa bawat isa:

1. Si Sinead ay labintatlong taong gulang, at kakasimula lang niyang i-explore ang pagkanta. Sa pakiramdam niya hindi pa siya mahusay rito, pero gusto niyang ibahagi ang bagong hilig sa kanyang mga kaibigan at makuha ang kanilang opinyon tungkol dito. Gusto niyang magdagdag ng ilang video ng kanyang pagkanta ng ilan sa kanyang mga paboritong kanta sa isang social media platform. Anong uri ng platform ang irerekomenda mo? Sa tingin mo ano ang magiging magandang mga setting ng privacy para sa platform na iyon? Pakipaliwanag kung bakit.

2. Labing-anim na taong gulang si Reza, at mahilig siyang magluto at gumawa ng mga bagong recipe. Ginawa niya ang ilang manok na putahe na sabik na sabik siya, at gusto niyang ibahagi ang mga recipe sa mga kaibigan niya at iba pang tao na interesado sa pagluluto. Anong uri ng platform ang irerekomenda mo? Sa tingin mo ano ang magiging magandang mga setting ng privacy para sa platform na iyon? Pakipaliwanag kung bakit.

3. Si Ulwazi ay labing-walong taong gulang, at gusto niyang magsimulang maghanap ng trabaho sa susunod na buwan. Alam niyang gustong makita ng mga employer ang isang resume, pero hindi siya sigurado kung paano gumawa ng maganda. Interesado siyang magtrabaho sa IT sector, pero hindi niya alam kung anu-anong mga trabaho ang mayroon para sa kanya at kung may sapat siyang kwalipikasyon para sa mga posisyong ito. Gusto niyang humingi ng payo o mga rekomendasyon mula sa iba na may parehong mga interes, pero wala sa kasalukuyan niyang network ang nagtatrabaho sa IT sector. Anong uri ng platform ang irerekomenda mo para kay Ulwazi? Sa tingin mo ano ang magiging magandang mga setting ng privacy para sa platform na iyon? Pakipaliwanag kung bakit.

Kung maaari, sa susunod na magkita-kita muli bilang isang grupo, sabihin sa mga kalahok na hatiin ang mga sarili sa parehong pares, at hayaan ang bawat pares na

ibahagi ang kanilang mga masasabi tungkol sa assignment.

Ang mapagkukunan sa pag-aaral na ito ay ginawang available ng Youth and Media sa Berkman Klein Center for Internet & Society sa Harvard University sa ilalim ng Creative Commons Attribution-ShareAlike 4.0 International na lisensya. Pwede mo itong gamitin, kabilang ang pagkopya at paghahanda ng mga hinangong gawa, pang-commercial o hindi pang-commercial na gamit, basta't iuugnay mo ang Youth and Media bilang orihinal na pinagmulan at ibabahagi ang anumang higit pang gawa sa ilalim ng parehong mga tuntunin. Makikita rin sa online ang mga ito at ang karagdagang mapagkukunan sa pag-aaral sa Berkman Klein's Digital Literacy Resource Platform.